Mensahe Sampu

# Ang Pagpili ni Ruth ng Kanyang Gol, ang Paggamit ng Kanyang Karapatan, ang Paghahanap ng Kanyang Kapahingahan, at ang Pagtanggap ng Gantimpala para sa Ekonomiya ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Ruth 1—4

**I. Ang Hukom ay isang aklat ng miserableng kasaysayan ng Israel, madilim at mabaho; ang Ruth, bilang karagdagan sa aklat ng Hukom, ay talâ ng ekselenteng kuwento ng isang magkapareha, maliwanag at mahalimuyak; ang pangunahing tauhan sa kuwentong ito, si Ruth, ay gaya ng isang liryong tumutubo sa dawagan at isang maningning na bituin sa gabing madilim—Ruth 1—4.**

**II. Ang kapitulo 1 ng aklat ng Ruth ay naglalahad ng tungkol sa paglihis ni Elimelech mula sa kapahingahan sa ekonomiya ng Diyos (bb. 1-2), pagbalik ni Naomi sa kapahingahan sa ekonomiya ng Diyos (bb. 3-7, 19-22), at pagpili ni Ruth ng kanyang gol (bb. 8-18):**

A. Ang Ruth ay isang aklat ng kapahingahan; ang kapahingahang Sabbath ay si Kristo bilang ating kapahingahan, isinasagisag ng mabuting lupain ng Canaan—Deut. 12:9; Heb. 4:8-9:

1. Nagpahinga ang Diyos sa ikapitong araw sapagkat natamo Niya ang Kanyang ninais; ang nais ng puso ng Diyos ay ang ihayag Siya ng tao sa lupa sa Kanyang larawan at ikatawan Siya sa Kanyang kapamahalaan—Gen. 1:26-28; Roma 8:28-29; 2 Cor. 3:18; Roma 5:17, 21; Apoc. 5:9-10; 22:5.
2. Sa Lumang Tipan ang mabuting lupain ay isang kapahingahan sapagkat ang templo ay maaaring itayo roon; ang templo ay ang ganap na pagpapasukdol ng pagpasok ng mga anak ni Israel sa mabuting lupain; sa pamamagitan ng templo ang Diyos ay maaaring magkaroon ng Kanyang kahayagan at Kanyang kinatawan para sa Kanyang kaharian, pamahalaan, at administrasyon—1 Hari 8:1-11.
3. Si Kristo ay kapahingahan sa mga banal sa tatlong yugto:
   a. Sa kapanahunan ng ekklesia ang makalangit na Kristo, ang Isa na naghayag, kumatawan, at nagbigay-kasiyahan sa Diyos at nagpahinga mula sa Kanyang gawain at nakaupo sa kanang kamay ng Diyos sa kalangitan, ay ang kapahingahan sa atin sa ating espiritu; bilang ating kapahingahan, Siya ang ating sakdal na kapahingahan at lubos na kasiyahan—Mat. 11:28-29.
   b. Sa milenyong kaharian, pagkatapos maalis si Satanas sa lupa (Apoc. 20:1-3), ang Diyos ay mahahayag, maikakatawan, at mabibigyang-kasiyahan ni Kristo at ng mga mandaraig na banal; pagkatapos si Kristo kasama ang kaharian ay magiging kapahingahan sa mas lubos na paraan sa mga mandaraig na banal, na magiging mga kasamang hari Niya (bb. 4, 6) at makikibahagi at magtatamasa sa Kanyang kapahingahan.
   c. Sa bagong langit at bagong lupa, pagkatapos mapasuko sa Kanya ang lahat ng kaaway, kasama ang kamatayan, ang huling kaaway (1 Cor. 15:24-27), si Kristo, bilang ang Isang lumulupig sa lahat, ay magiging kapahingahan sa pinakalubos na paraan sa lahat ng tinubos ng Diyos sa kawalang-hanggan.

B. Ang pag-alis ni Elimelech sa mabuting lupain ay nangahulugang lumihis siya mula sa kapahingahan sa ekonomiya ng Diyos, sa gayon ay pinuputol ang kanyang sarili mula sa ekonomiya ng Diyos; siya ay lumihis mula sa Betlehem, ang lugar ng kapanganakan ng darating na Kristo (Mik. 5:2; Luc. 2:4-7), sa Juda, ang pinakamataas na bahagi ng mabuting lupain (Gen. 49:8-10; Exo. 3:8b; Deut. 8:7-10), patungo sa Moab, isang lupain ng pagsamba sa diyos-diyosan (Huk. 10:6).

C. Ang pagbalik ni Naomi sa Banal na Lupain ay ang kanyang pagbalik sa kapahingahan sa ekonomiya ng Diyos mula sa Moab, ang lupain ng pagsamba sa diyos-diyosan, patungo sa Juda, ang lupain ni Immanuel (Isa. 8:8) upang makarating sa Betlehem, ang lugar ng kapanganakan ni Kristo (Ruth 1:19a, 22b); siya ay bumalik kasama si Ruth, ang kanyang manugang na ibinigay sa kanya ng Diyos para sa pagsasakatuparan ng Kanyang ekonomiya hinggil kay Kristo (b. 22a).

D. Pinili ni Ruth ang gol na makilahok sa hinirang ng Diyos sa pagtatamasa kay Kristo, at siya ay naging isang mahalagang ninuno ni Kristo, isa na tumulong na magsilang kay Kristo sa sangkatauhan; ito ang kanyang pagpili sa Diyos at sa Kanyang kaharian para sa pagsasagawa ng ekonomiya ng Diyos hinggil kay Kristo—Mat. 1:5-6.

**III. Ang kapitulo 2 ng aklat ng Ruth ay naglalahad ng tungkol kay Ruth, bilang isa na bumalik sa Diyos mula sa kanyang paganong pinagmulan, ginagamit ang kanyang karapatang makibahagi sa mayamang bunga ng mana ng hinirang ng Diyos:**

A. Ayon sa kanyang may tatlong panig na katayuan bilang nakikipamayan, dukha, at balo, ginamit ni Ruth ang kanyang karapatang mamulot ng naiwan sa ani; ang kanyang pamumulot ay hindi ang kanyang pamamalimos kundi ang kanyang karapatan.

B. Ang ordinansa ng Diyos hinggil sa paggapas ng ani ay yaong pagpapalain ni Jehovah ang mga anak ni Israel kung iiwan nila ang mga sulok ng kanilang mga bukid at ang pamumulot ng naiwang uhay para sa mga dukha, mga nakikipamayan, mga ulila, at mga balo—Lev. 23:22; 19:9-10; Deut. 24:19.

C. Sinunod ni Boaz ang ordinansang ito, sa gayon ay nagpapatotoo sa kanyang malaking pananampalataya kay Jehovah; sa ilalim ng pagkasoberano ng Diyos, ang ordinansang ito ay tila isinulat para sa isang tao—kay Ruth.

D. Kung paanong may karapatan si Ruth na tamasahin ang bunga ng mabuting lupain pagdating sa lupain, gayundin tayo ay may karapatang tamasahin si Kristo bilang ating mabuting lupain pagkatapos manampalataya sa Kanya; ang paggamit ni Ruth ng kanyang karapatang tamuhin at angkinin ang bunga ng mabuting lupain ay sumasagisag na, pagkatapos manampalataya kay Kristo at organikong maihugpong sa Kanya sa ating “pinaghugpong” na espiritu (Roma 8:16; 1 Cor. 6:17), dapat tayong magsimulang maghabol kay Kristo upang matamo, maangkin, maranasan, at matamasa Siya (Fil. 3:7-16).

E. Ang aklat ng Ruth ay naglalarawan ng paraan, ng posisyon, ng kuwalipikasyon, at ng karapatan ng mga makasalanan na makabahagi kay Kristo at magtamasa kay Kristo; ayon sa pagtatalaga ng Diyos, tayo na sumampalataya kay Kristo ay pinaging-dapat at naiposisyong angkinin ang ating karapatang magtamasa kay Kristo (Col. 1:12; Apoc. 2:7; 22:14).

F. Bilang isang pagsasalaysay, ang aklat ng Ruth ay kaaya-aya, nakaaantig, nakahihimok, at nakasusupil; sa mahalimuyak na kuwento sa kapitulo 2, apat na sagisag ang ipinahihiwatig:

1. Si Boaz, na masagana sa kayamanan (b. 1), ay sumasagisag kay Kristo, na mayaman sa dibinong biyaya (2 Cor. 12:7-9).
2. Ang bukid ng ipinangakong mabuting lupain ng Diyos (Ruth 2:2-3) ay sumasagisag sa nagpapaloob ng lahat na Kristo, na pinagmumulan ng lahat ng espiritwal at dibinong produkto para sa panustos-buhay ng hinirang ng Diyos (Fil. 1:19-21a).
3. Ang sebada at trigo (Ruth 2:23) ay sumasagisag kay Kristo bilang sangkap para sa paggawa ng pagkain kapwa para sa Diyos at sa Kanyang bayan (Lev. 2; Juan 6:9, 33, 35).

4. Si Ruth, isang Moabita, isang paganong makasalanan na hiwalay sa mga pangako ng Diyos (Deut. 23:3; cf. Efe. 2:12), na nabigyan ng karapatang makabahagi sa mga naiwan sa ani ng hinirang ng Diyos ay sumasagisag sa mga "asong" Hentil na nabigyan ng pribilehiyong makabahagi kay Kristo bilang mga mumo sa ilalim ng hapag ng bahagi ng mga hinirang na anak ng Diyos (Mat. 15:21-28 at talababa 1 sa b. 27).

**IV. Ang kapitulo 3 ng aklat ng Ruth ay naglalahad ng tungkol sa paghahanap ni Ruth sa kanyang kapahingahan:**

A. "Pagkatapos, sinabi sa kanya ni Naomi na kanyang biyenan [ni Ruth], Anak ko, hindi ba kita ihahanap ng tahanan para sa ikabubuti mo"—b. 1:

1. Natanto ni Naomi na ang wastong tao na maging asawa ni Ruth ay si Boaz; kaya, si Naomi ay gumanap bilang isang "tagapamagitan" upang udyukan si Ruth na mag-asawa.
2. Ang mga tunay na ministro ng Bagong Tipan ay gaya ni Naomi sa kanilang pagpukaw sa mga mananampalataya kay Kristo na ibigin Siya bilang kanilang Kasintahang Lalaki upang kunin nila Siya bilang kanilang Asawang Lalaki—2 Cor. 11:2; Apoc. 19:7; 21:9-10.
3. Ang tanging paraan upang magkaroon tayo ng kapahingahan ay ang kunin si Kristo bilang ating Asawang Lalaki; dapat nating makilala Siya bilang ating Asawang Lalaki at kunin Siya bilang ating Asawang Lalaki, namumuhay sa pinakamalapit at pinakamatalik na pakikipag-ugnayan sa Kanya—1 Cor. 2:9; cf. 16:22.
4. Kung pakakasalan natin si Kristo, kinukuha Siya bilang ating Asawang Lalaki, ang ating buhay ay magbabago; matatanto nating dapat tayong magtaglay ng katapatan ng isang asawang babae, at matututuhan natin kung paanong tamasahin si Kristo bilang ating buhay at ating persona, lumalakad at gumagawi nang kaisa Siya—2 Cor. 2:10.

B. Pagkatapos makapasok sa mabuting lupain at ensayuhin ang kanyang karapatang tamasahin ang mayamang bunga nito, si Ruth ay nangailangan pa rin ng isang tahanan upang siya ay magkaroon ng kapahingahan; ang ganitong uri ng kapahingahan ay darating lamang sa pamamagitan ng pag-aasawa:

1. Bagama't tayo ay ligtas at umiibig sa Panginoon, upang magkaroon ng isang tahanan para sa ating kapahingahan, dapat nating pakasalan ang Panginoong Hesus, kinukuha Siya bilang ating Asawang Lalaki, at mamuhay kasama Niya sa ekklesia bilang ating tahahan—Roma 7:4; 2 Cor. 11:2; Efe. 5:25-27.
2. Si Kristo bilang ating Asawang Lalaki at ang ekklesia bilang ating tahanan ay isang kumpletong yunit upang tayo ay magkaroon ng wasto at sapat na kapahingahan (b. 32).

C. Kapag isinaalang-alang sa liwanag ng Mateo 1:5-6 at 16, ang paghahanap ni Ruth sa kanyang kapahingahan sa katunayan ay para sa pagpapatuloy ng talaangkanan upang isilang si Kristo.

D. Sinabi ni Boaz kay Ruth, "Ako'y malapit na kamag-anak, gayunman ay may mas malapit na kamag-anak pa kaysa sa akin"—Ruth 3:12:

1. Sa bersikulong ito ang unang kamag-anak ng asawa ni Ruth, ang pinakamalapit na kamag-anak ni Ruth, ay sumasagisag sa ating natural na tao, na hindi makapagtutubos sa atin at hindi tayo tutubusin mula sa pagkakautang (kasalanan) ng ating lumang tao (4:1-6).
2. Si Boaz, ang ikalawang kamag-anak ng asawa ni Ruth, ay sumasagisag kay Kristo, na nakibahagi sa dugo at laman (Heb. 2:14) upang maging ating Kamag-anak at ang makapagtutubos sa atin mula sa ating kasalanan, ipinapanumbalik ang nawalang

karapatan ng ating natural na tao sa paglikha ng Diyos, upang maging ating bagong Asawang Lalaki sa Kanyang dibinong organikong pakikipag-isa sa atin, at kinukuha tayo bilang Kanyang kapareha para sa Kanyang paglaki (Ruth 4:7-13).

V. **Ang kapitulo 4 ng aklat ng Ruth ay naglalahad ng tungkol sa pagtanggap ni Ruth ng isang gantimpala para sa ekonomiya ng Diyos:**

A. Bilang bahagi ng kanyang gantimpala para sa ekonomiya ng Diyos, nakatamo si Ruth ng isang nagtutubos na asawang lalaki, na sumasagisag kay Kristo bilang ang nagtutubos na Asawang Lalaki ng mga mananampalataya; ngayon bilang mga mananampalataya kay Kristo, tayo ay may Asawang Lalaki na siyang ating walang hanggan, kasalukuyan, at pang-araw-araw na Manunubos, sinasagip tayo, inililigtas tayo, inaadya tayo, mula sa lahat ng ating kaguluhan.

B. Karagdagan sa pagtatamo ng isang nagtutubos na asawang lalaki, si Ruth ay tinubos mula sa pagkakautang ng kanyang pumanaw na asawang lalaki (bb. 1-9); ito ay sumasagisag sa pagkakatubos ng mga mananampalataya mula sa kasalanan ng kanilang lumang tao:

1. Ayon sa Roma 6:6 at 7:2-4, ang namatay na asawang lalaki, ang ating lumang asawang lalaki, ay ang ating lumang tao; nilikha tayo ng Diyos upang maging Kanyang asawang babae, subalit tayo ay nagrebelde laban sa Kanya; tinalikdan natin Siya at inako ang posisyon ng isang asawang lalaki para sa ating mga sarili.
2. Pinasanan tayo ng ating makasalanang asawang lalaki ng maraming pagkakautang, subalit sa araw na pinakasalan natin si Kristo, nakatanggap tayo ng isang Asawang Lalaki na ating makapangyarihan sa lahat na Manunubos; kailangan nating lahat si Kristo na maging ganoong Asawang Lalaki sa atin, at dapat nating makasanayang dumulog sa Kanya at sabihin lamang, “Panginoong Hesus, kailangan Kita.”

C. Isa pang aspekto ng gantimpala ni Ruth ay iyon naging isang mahalagang ninuno siya sa talaangkanan upang ipasok ang maharlikang sambahayan ni David para sa pagbubunga kay Kristo (Ruth 4:13b-22; Mat. 1:5-16); nagpapahiwatig ito na siya ay may natamo na nagpapaloob na lahat at malawak sa lahat na may posisyon at kapasidad na dalhin si Kristo sa pantaong lahi; sa gayon siya ay isang mahalagang dugtong sa kadena na nagdadala kay Kristo sa bawat sulok ng lupa.

D. Si Ruth ay hindi lamang naging isang mahalagang ninuno sa talaangkanan para sa pagbubunga kay Kristo, bagkus ipinagpatuloy rin niya ang linya ng nilikhang sangkatauhan ng Diyos para sa pagkakatawang-tao ni Kristo; ang pagkakatawang-tao ni Kristo ay isang bagay ng paglabas Niya mula sa walang hanggan tungo sa loob ng panahon at ng Kanyang pagkadibino tungo sa pagkatao:

1. Bawat araw ng ating buhay-Kristiyano ay dapat maging isang pagpapatuloy ng pagkakatawang-tao ni Kristo, na ibinubunga si Kristo upang maisilang tungo sa iba sa pamamagitan ng pagmiministeryo natin ng Kristo bilang ang Espiritu tungo sa kanila—2 Cor. 3:6.
2. Upang mangyari ito, kailangan nating lahat na magsalita para kay Kristo, isalita si Kristo, at salitain si Kristo tungo sa iba; ang pagmiministeryo kay Kristo sa ganitong paraan ay tiyak na makapagpapabago sa atin, at sa mga inaalagaan natin, sa isang metabolikong paraan para sa ating transpormasyon tungo sa Kanyang larawan—b. 18; 4:1.

*© 2021 Living Stream Ministry*